

Huwag Hayaang Mamatay ang mga Salita: Kabataan at ang Kinabukasan ng mga Wikang Katutubo

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

Kapag sinabing “kabataan ang pag-asa ng bayan,” madalas nating naiisip ang kanilang papel sa edukasyon, ekonomiya, teknolohiya, at pamumuno. Ngunit may isa pang mahalagang responsibilidad na maaaring hindi gaanong napag-uusapan: ang pagpapanatili ng mga wikang minana natin mula sa mga naunang henerasyon.

Ang wika ay hindi nabubuhay sa mga dictionary lamang. Nabubuhay ito kapag ginagamit ng mga tao—sa bahay, sa paaralan, sa palengke, sa seremonya, sa kuwento, sa kanta, at maging sa social media. Kaya kung ang kabataan ay hindi na gumagamit ng kanilang katutubong wika, nanganganib ang pagpapatuloy nito.

Ipinakita nina McCarty at Nicholas (2014) na mahalaga ang paaralan sa language revitalization ngunit hindi dapat ihiwalay ang paaralan sa community efforts. Ang revitalization ay mas makabuluhan kapag nakaugat sa kultura at aktuwal na buhay ng komunidad.

Mahalaga rito ang agency ng kabataan. Sa halip na tingnan sila bilang simpleng tagatanggap ng wika mula sa matatanda, dapat silang ituring na aktibong tagapaglikha ng bagong espasyo para sa wika. Maaari nilang gamitin ang katutubong wika sa paggawa ng videos, music, podcasts, digital stories, memes, educational materials, at online communities.

Ipinakita ni Meighan (2023) na maaaring gamitin ang teknolohiya bilang bahagi ng community-based Indigenous language planning. Ang digital platforms ay maaaring maging lugar kung saan nagkakaroon ng bagong pagkakataon para sa language learning at community participation. Sa halip na maging kalaban ng katutubong wika ang teknolohiya, maaari itong gawing kasangkapan ng revitalization.

Mahalaga rin ang pamilya. Ayon kina King, Fogle, at Logan-Terry (2008), ang language practices sa tahanan ay may mahalagang papel sa transmission ng minority languages. Kung ginagamit ng mga magulang ang katutubong wika sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak, mas nagkakaroon ng pagkakataong marinig, maunawaan, at magamit ito ng susunod na henerasyon.

Ngunit kailangan ding baguhin ang pananaw na ang katutubong wika ay para lamang sa matatanda o para lamang sa mga tradisyunal na gawain. Dapat itong maging wika ng kabataan. Maaari itong gamitin sa paglikha ng modernong musika, negosyo, teknolohiya, edukasyon, at digital content. Kapag nakita ng kabataan na may lugar ang kanilang wika sa modernong mundo, mas malaki ang posibilidad na piliin nila itong gamitin.

May mahalagang aral dito mula sa pag-aaral nina Hollebeke et al. (2023). Ipinakita nila na ang family language policy ay may positibong kaugnayan sa heritage-language maintenance efforts. Ibig sabihin, ang pagpapanatili ng wika ay nangangailangan ng konkretong pagpili at gawain.

Hindi kailangang maging lingguwista ang isang kabataan upang makatulong. Maaaring magsimula sa simpleng pakikipag-usap sa lolo at lola, pag-aaral ng mga salita, pag-record ng kuwento, paggamit ng wika sa social media, o pagtuturo nito sa kaibigan.

Ang kinabukasan ng mga wikang katutubo ay hindi lamang nasa kamay ng mga eksperto. Nasa kamay din ito ng kabataan. Sa bawat salitang ginagamit nila, may isang wikang muling humihinga. Kaya huwag nating hayaang mamatay ang mga salita. Bigyan natin sila ng bagong boses, bagong tagapagsalita, at bagong tahanan.

References

- McCarty, T. L., & Nicholas, S. E. (2014). Reclaiming Indigenous languages: A reconsideration of the roles and responsibilities of schools. *Review of Research in Education*, 38(1), 106–136. <https://doi.org/10.3102/0091732X13507894>
- Meighan, P. J. (2023). "What is language for?": Community-based Anishinaabemowin language planning using TEK-nology. *Language Policy*, 22, 223–253. <https://doi.org/10.1007/s10993-023-09656-5>
- King, K. A., Fogle, L., & Logan-Terry, A. (2008). Family language policy. *Language and Linguistics Compass*, 2(5), 907–922. <https://doi.org/10.1111/j.1749-818X.2008.00076.x>
- Hollebeke, I., Dekeyser, G. N. M., Caira, T., Agirdag, O., & Struys, E. (2023). Cherishing the heritage language: Predictors of parental heritage language maintenance efforts. *International Journal of Bilingualism*, 27(6), 925–941. <https://doi.org/10.1177/13670069221132630>
- Lising, L. (2022). "I want her to be able to think in English": Challenges to heritage language maintenance in a monolingual society. *Multilingua*, 41(5), 549–569. <https://doi.org/10.1515/multi-2021-0106>

ARTICLE DETAILS

PG-0000020; Received: March 22, 2026; Accepted: March 24, 2026; Published: March 26, 2026

CITATION:

Tiana, Lorena B. (2026). *Huwag Hayaang Mamatay ang mga Salita: Kabataan at ang Kinabukasan ng mga Wikang Katutubo*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/gjre0d23

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.